



1 Pamamaraan sa landing refusal upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga Pamamaraan panlaban sa pandemya kung papasok ng Japan, mangyaring bisitahin ang [Ministry of Health, Labour and Welfare homepage](#).

(1) Pagpasok sa Japan mula sa mga bansa/rehiyon na hindi binigyan ng permiso na makapasok ng bansa.

Ang mga banyaga na nanatili sa mga itinalagang 41 na bansa/rehiyon sa loob ng 14 araw bago ng araw ng paglapag sa Japan ay hindi mabibigyan ng permiso na makapasok ng bansa kung walang mahalagang dahilan o hindi inaasahang sitwasyon katulad ng mga nakasaad sa ibaba.

(Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang "[Pamamaraan sa landing refusal upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19](#)") (Wikang Hapon))

○Mga ilang halimbawa ng mahalagang dahilan o hindi inaasahang sitwasyon na bibigyan ng permiso na makapasok ng Japan:

- ① Banyaga na muling papasok ng Japan na may re-entry permit (kabilang ang special re-entry permit)
- ② Baguhang pagpasok ng asawa o anak ng Hapon o Permanent Resident.
- ③ Kinatawan na ang kasalukuyang hawak na visa ay nasa ilalim ng kategorya ng "Diplomat" o "Official".
- ④ **Pagpapatibay ng travel advisory o border restrictions para sa mga baguhang papasok ng Japan. (29)**
→ Mangyaring sumangguni sa section 2 na nasa ibaba.
- ⑤ Sa mga bibisita sa mga kamag-anak o kakilala sa Japan (May tunay na relasyon sa residente ng Japan/Kinakailangan na pumunta ng Japanhere) at kumuha ng "Short term stay/Visitor" Visa.
- ⑥ Banyaga na ang pakay ay may malaking interes at makakatulong sa bansa (Halimbawa, eksperto sa progreso ng bakuna at iba pa.)
- ⑦ Mga taong may mahalagang dahilan o hindi inaasahang sitwasyon at kinakailangan ang konsiderasyon .

(2) Pagpasok sa Japan mula sa mga lugar maliban sa mga bansa/rehiyon na hindi mabibigyan ng permiso na makapasok ng Japan.

Sa kasalukuyan, mahigpit pa ang pag aplay ng visa sa buong mundo at bilang pangkalahatang patakaran, magbibigay lamang ng visa sa mga taong may mahalagang dahilan o hindi inaasahang sitwasyon.

*Sa kasaluklukan, maliban sa re-entry, mahalaga na mag aplay ng visa sa embahada o konsulado na nasa ibang bansa bago pumasok sa Japan.

2 Muling pag konsidera ng cross-border travel restrictions para sa mga banyaga (Bagong Pamamaraan upang mapatibay ang border measures (29))

Ang Baguhang pagpasok sa Japan ay bibigyan lamang ng permiso kung may mahalagang dahilan o hindi inaasahang sitwasyon na nasa kategoryang (1), (2), o (3) na nasa ibaba, kung ang tatanggap na organisasyon (kompanya / organisasyon na nag imbita sa banyaga para sa negosyo o trabaho / entertainment) sa Japan ay nakumpleto ang pagrehistro sa Entrants, Returnees Follow-up System (ERFS) ng Ministry of Health, Labor and Welfare at may lumabas na ang visa.

- (1) Baguhang pagpasok bilang temporary visitors (walang 3 buwan) na ang pakay ay para sa negosyo o trabaho
- (2) Baguhang pagpasok bilang temporary visitors na ang pakay ay sightseeing (Bibigyan lamang ng permiso kung ang travel agent/ tour guide ang tatanggap na organisasyon)
- (3) Baguhang pagpasok bilang long-term stay

○Para sa detalye at aplikasyon, sumangguni sa [Ministry of Health, Labor and Welfare website](#)